# 1

Malalim na ang gabi, pero nananatiling gising pa rin si Alexa at mag-isang nakaupo sa harap ng babasaging pabilog na mesa na nakapuwesto malapit sa malaking swimming pool.

Kadarating lang niya kaninang tanghali mula sa Pampanga. May isang linggo rin siyang namalagi roon bago nagpasyang magtungo rito sa Maynila sa bahay ng Kuya Jerick niya.

Puwede siyang kumuha ng sarili niyang condo unit, pero tutol doon ang kanyang kuya. Katuwiran nito, ang mga magulang nila ay nasa Pampanga at silang dalawa na lamang ang narito sa Maynila, dapat pa ba silang maghiwalay ng bahay gayung napakalaki ng tinitirhan nito?

Sa probinsya siya nag-stay pagkarating sa Pilipinas matapos ang mahigit apat na taong pananatili sa Amerika.

Ang totoo, wala na siyang balak pa rito sa Pilipinas. Masaya siya sa ginagawa niyang pagma-manage ng isang boutique nila sa Amerika. Dangan nga lamang, inatake sa puso ang kanyang ama

at kailangan ng kuya niya ng makakatulong sa pamamahala ng negosyo nila rito. Sa susunod na linggo nga ay magsisimula na siya sa trabaho niya sa business nila.

Sa loob ng ilang araw na naparito na si Alexa sa lupang sinilangan, bihira siya kung lumabas ng bahay. Madalas ay narito siya sa loob ng bahay at nagkukulong sa kanyang kuwarto.

Noong nasa hacienda siya sa Pampanga ay ganoon din ang routine niya. Nagpapaikut-ikot lamang siya sa loob ng malawak na hacienda at kung lumalabas man siya ay upang magsimba.

Madalas nga siyang napapagsabihan ng kanilang ina. Lumabas-labas naman daw siya minsan at mamumutla na siya. Tanging ngiti lamang ang isinasagot niya rito.

Noong bata pa si Alexa, walang nakakapigil sa kanya sa paggala. Kapag ginusto niyang magtungo sa bahay ng kanyang mga kaibigan ay walang nakakapigil sa kanya.

Pero noon iyon. Noong bata pa siya. Isang musmos at wala pang pakialam sa mga nagaganap sa kanyang paligid.

Sa probinsya siya nag-aral mula elementarya

hanggang high school. At dito na siya nag-aral ng kolehiyo sa Maynila.

Mula elementarya hanggang sa kolehiyo ay nagtapos siyang may mataas na karangalang nakuha. Hindi nasayang ang sipag at tiyaga niya sa pag-aaral.

Naging inspirasyon niya sa pagsusumikap ang kanyang buong pamilya at si Drake.

Si Drake.

Bahagya pa siyang natigilan sa pagkaalala sa dating nobyo.

Tama, naging inspirasyon din niya si Drake sa kanyang pag-aaral. Naging magkaklase sila sa kolehiyo at inaamin niya sa unang pagkakita pa lang niya sa binata ay hinangaan na niya ito. Paghangang nauwi sa malalim na pagmamahal.

Sa ibang bansa ito nakatira at nag-aral hanggang sa magkolehiyo ito at dito na sa Pilipinas piniling ipagpatuloy ang kursong napili.

Naging magkaibigan silang dalawa. Madalas nga silang mapagkamalang magkasintahan dahil sa pagtrato nila sa isa't isa.

Nasa kalahating taon na sila sa second year

nang magtapat ito ng pag-ibig sa kanya at nagtanong kung puwede itong manligaw. Of course, she was surprised!

Hinayaan niya itong manligaw sa kanya. At sa unang linggo ng klase nila sa third year, sinagot niya ang ito.

Tuwang-tuwa si Drake noon. Naging madalas ito sa bahay nila at tila hindi napapagod sa paghahatid-sundo sa kanya. Naging masaya ang relasyon nila at maging ang Kuya Jerick niya ay natuwa para sa kanya.

Nang malaman ng mga kaklase nila at mga kaibigan ang tungkol sa kanila, lahat ay natuwa at ang iba naman ay hindi na nagulat. Halos lahat ay umasam na magpapatuloy ang kanilang relasyon at silang dalawa pa rin ang ikakasal sa haba ng panahon man ang daraan.

Mapakla siyang ngumiti.

Hindi na nagkaroon ng katuparan ang pag-asam ng mga kaibigan at kaklase nila noon. Dahil iba ang plano ng tadhana.

Apat na taon silang naging magkasintahan. Lahat ng pagsubok sa relasyon nila ay kanilang nalagpasan, maliban sa isa.

Ang isang malagim na aksidenteng dumating sa kanyang buhay na nagpabago sa kanilang masayang relasyon.

Mula nang magtungo si Alexa sa Amerika ay iniwasan na niyang makibalita tungkol sa dating nobyo. Kinailangan niyang gawin ang bagay na iyon upang makalimot, pero hindi rin naman niya nagawa. Sa mahigit apat na taong pananatili niya sa ibang bansa ay ito pa rin ang laman ng kanyang puso at isipan.

Kung magkikita man sila ngayon, nakatitiyak si Alexa na lahat ng kanyang maririnig mula sa mga labi nito ay panunumbat at hinanakit. Alam niya, namumuhi sa kanya ang dating nobyo. At naiintindihan niya ito.

Sinaktan niya ang damdamin ni Drake at binigyan ng napakalaking kahihiyan nang umurong siya sa kanilang kasal at umalis nang hindi man lamang nagbibigay ng anumang paliwanag.

Ang kanyang pasyang huwag ituloy ang kanilang kasal ay ipinaabot lamang niya kay Drake sa pamamagitan ng kanyang kuya. Hindi siya nito puwedeng makita sa kalagayan niya noon. Ayaw niyang kaawaan siya nito.

Muli ay napahugot siya ng malalim na hininga sa pananariwa ng mapait na bahaging iyon ng nakaraan sa kanyang buhay. Kung puwede lang ibalik ang kahapon ay gagawin niya upang itama ang kanyang naging pagkakamali.

Pero hindi iyon posible.

She really loved Drake and she still does. Masakit sa kanya ang ginawa niyang pasya noon, pero wala siyang ibang mapagpipilian. Kailangan niyang lumayo at magtungo sa ibang bansa nang lingid sa kaalaman nito.

Napasinghap siya nang maramdaman ang mainit na likidong umaagos sa magkabila niyang pisngi.

Umiiyak na naman siya.

Ganito siya palagi sa tuwing sumasagi sa kanyang isipan ang nakaraan lalo na kapag naaalala niya ang masasayang sandali nila ni Drake.

"Alexa…"

Napatuwid ang dalaga sa pagkakaupo nang marinig ang pamilyar sa tinig mula sa kanyang likuran. Mabilis niyang pinahid ang mga luha sa pisngi.

"KUYA, ikaw pala." Pilit ang mga ngiting sumilay sa mga labi ni Alexa nang malingunan ang kapatid. Agad siyang tumayo upang harapin ito. "Bakit hindi ka pa natutulog, Kuya?" Pinilit niyang maging kaswal ang tinig nang muli siyang magsalita.

Sa tulong ng liwanag na nagmumula sa mga ilawang nakapalibot sa kanilang bahay, nakita niyang ngumiti ang kapatid.

"Hindi ba't ikaw ang dapat kong tanungin kung bakit hindi ka pa natutulog, Alexa?" anito. "Hatinggabi na, pero gising ka pa rin at nandito ka pa sa labas ng bahay."

"H-hindi pa kasi ako inaantok, Kuya." Kalahati iyon ng katotohanan. "Maalinsangan din ang panahon kaya naisipan kong lumabas at dito magpahangin."

"Iyon nga ba ang dahilan, ha?" Nanghuhuli ang tinig nito.

Hindi siya nakakibo. Nasundan niya ito ng tingin nang maupo ito sa katapat na upuan at muling itinuon ang paningin sa kanya.

"Kilala kita, Alexa. Alam ko kung kailan ka nagsasabing totoo at kung kailan ka nagsisinungaling," sabi nito. "Si Drake na naman ba ang iniisip mo?"

Sandali siyang natigalgal sa huling tanong nito. Hindi siya agad nakakilos sa kanyang kinatatayuan.

Napalunok ang dalaga makalipas ang ilang segundong pananahimik. Pagkatapos ay marahan siyang tumango bilang pag-amin. Bumalik din siya sa dating kinauupuan kanina. Ang paningin niya ay nakatuon sa makukulay na bulaklak na nakatanim sa gilid ng bakod.

“H-hindi ko lang kasi maiwasang isipin si Drake, Kuya. Anuman ang gawin ko ay nagsusumiksik pa rin sa isip ko ang mukha niya,” amin niya.

“Kaya ka nagkakaganyan ay dahil hindi mo matutunang limutin si Drake. Hanggang ngayon kasi ay minamahal mo pa rin ang dati mong nobyo. At ang pag-ibig na nadarama mo ang nagpapahirap lalo sa kalooban mo, Alexa.

“Dapat ay noon mo pa pinag-aralang kalimutan ang anumang damdamin mo kay Drake,” pagpapatuloy nito nang hindi siya kumibo. “Hindi sa gusto kong panghinaan ka ng loob. Ang nais ko lang ay ipabatid sa iyo ang katotohanan. Nang umalis ka patungong Amerika nang hindi kinakausap si Drake, ay wala nang katiyakan kung magkakabalikan pa kayo at madurugtungan ang pagmamahalan ninyo. Namumuhi siya sa iyo dahil sa ginawa mo noon.

Halos sirain din ng dati mong nobyo ang sariling buhay dahil sa tindi ng galit sa iyo at awa sa sarili…"

Muli siyang napaluha sa narinig. Nai-imagine niya ang naging pagdurusa noon ni Drake nang iwanan niya.

"Sinunod ko ang gusto mo. Hindi ko ipinaalam ang tunay na dahilan ng pag-atras mo sa kasal at paglayo mo. Kahit pa nga sa sarili kong opinyon, hindi naman mangyayari ang kinakatakutan mo. Alam ko na mauunawaan ka ni Drake at hindi ka lalayuan sa oras na malaman ang tunay mong kalagayan. Pareho lang kasi ninyong pinapahirapan ang inyong mga sarili."

"Ayoko mang gawin iyon, pero kailangan…" garalgal ang tinig na turan ni Alexa.

"Hanggang ngayon ay nagdurusa ang kalooban mo dahil sa naging pasya mo noon." May awa na mababakas sa mukha ni Jerick habang nakatitig sa luhaan niyang mukha. "But we can't do anything about it. All you can do now is teach your heart to forget the past. Magbagong-buhay ka, Alexa."

Napahikbi siya. "Hindi ko alam kung paano at saan ako dapat magsimula upang kalimutan nang tuluyan ang nakaraan namin ni Drake, Kuya Jerick.

Hanggang ngayon, mahal ko pa rin siya." Paos na ang tinig na lumabas sa bibig niya.

Napailing lang si Jerick.

"May balita ka ba ngayon kay Drake, Kuya?"

"Nang umalis ka noon, nilunod ni Drake ang sarili sa alak. Ang negosyo ng pamilya niya ay napapabayaan. Masama rin ang loob ng mga magulang ni Drake sa atin. Pagkalipas ng isang buwan ay nabalitaan ko na nagtungo sila sa Amerika. Hindi naman yata doon nagtagal ang dati mong nobyo at sa Europe naman nagpunta. Ngunit wala pang isang taon sa ibang bansa si Drake ay bumalik muli rito sa Pilipinas. Kung saang panig man dito sa Pilipinas naroon si Drake ay hindi ko na alam," kuwento nito.

Napabuga siya ng hangin dahil sa nadaramang paninikip ng dibdib dahil sa narinig tungkol kay Drake.

"Ngayong bumalik na ang dati mong lakas ay libangin mo ang sarili mo. Tulungan mo akong pamahalaan ang *Abrigo*," tukoy nito sa hotel and restaurant ng pamilya nila na ngayon ay may mga branches na sa iba't ibang lugar sa Kamaynilaan at mga karatig-probinsya.

Marahan siyang tinapik ng lalaki sa balikat.

"Makakatulong iyon sa iyo. Ano'ng malay mo, dumating bigla sa buhay mo ang panibagong pag-ibig," pagpapalakas nito sa loob niya.

Pinahid ni Alexa ang luha sa kanyang mga mata at pisngi, saka ngumiti sa kapatid. Para sa kanya, si Drake lamang ang nagmamay-ari ng kanyang puso. Pero lalo lang itong malulungkot para sa kanya kapag nalaman iyon ng kapatid.

"H-hayaan mo, gagawin ko ang payo mo," nagawa niyang sabihin.

"Good!" natutuwang tugon nito. "Alam ko na kaya mo iyan dahil matatag ka at matapang."

Sa isip ay nabuo ang desisyon niyang ituon ang oras at atensyon sa pagtulong sa pamilya sa pagma-manage ng *Abrigo Hotel and Restaurant*. Alam niya, makakatulong iyon kahit bahagya para mawala sa isip niya ang nakaraan na paulit-ulit na nagpapalungkot sa kanya.

# 2

Kalalabas lang ni Alexa sa banyo nang marinig niya na walang-tigil sa pag-ring ang cellphone niya na nakapatong sa ibabaw ng kanyang kama. Nagkukumahog na dinampot niya ang aparato at nakita ang unknown number na nasa LCD screen.

"Carissa!" malakas na bulalas niya nang makilala ang tumatawag sa kanya sa cellphone. "Kumusta ka na? Hindi ka pa ba babalik dito sa Pilipinas?"

"Sa susunod na linggo na ang uwi ko, Lexie!" masayang pagbabalita nito mula sa kabilang linya. Hilig ng kanyang kaibigan na magbigay ng ibang palayaw sa mga kakilala nito kaya ganoon ang tawag sa kanya. Para kay Carissa, isa iyong paraan para ipakita ang affection sa isang tao. Kaya naman, 'Lexie' ang tawag nito kapag naglalambing sa kanya. "Kailangan ko nang umuwi dahil isi-set na namin ni JD ang aming kasal at siyempre pa, ikaw ang maid of honor ko!"

"Wow! Talaga?" Natuwa siya sa narinig.

Nakilala niya si Carissa sa Amerika. Nagkabungguan sila nang hindi sinasadya sa loob

ng isang restaurant doon. Nalaman niya na Pilipino ito at nagpakilala sila sa isa't isa hanggang sa nabuo ang isang pagkakaibigan.

Nalaman din ni Alexa na kaya ito nasa bansang iyon ay dahil pinamamahalaanan nito ang isang negosyo ng mga magulang nito roon. Ikinuwento rin nito sa kanya na may nobyo itong naiwan dito sa Pilipinas.

Makuwento ito samantalang siya ang naging mailap sa pagbibigay-impormasyon dito lalo na kapag ang pinag-uusapan nila ay tungkol sa kanyang lovelife. Matipid lang siya kapag nagkukuwento at umiiwas siya na madako ang usapan sa nobyo niya.

"Oo, Lexie!" tugon nito. "Excited na nga ako, eh! Pag-uwi ko diyan ay magkita tayo. Ipapakilala ko rin sa iyo si JD."

Nawala ang ngiti niya sa mga labi. Kapag binabanggit nito ang pangalan ng nobyo, biglang bumabalik sa isip niya si Drake. Justin Drake kasi ang full name ng dati niyang nobyo kaya 'JD' din kung tutuusin.

Kung hindi lang sana nakialam noon ang tadhana sa kanilang dalawa, kasal na sana sila ngayon at malamang na may mga anak na sila.

Hindi napigilan ni Alexa na makadama ng inggit kay Carissa at sa nobyo nito.

"Lexie, are you still there?" pukaw ni Carissa sa biglaang pananahimik niya. Hindi man niya ito kaharap ay nahuhulaan na niyang nakakunot ang noo ng kaibigan.

"Y-yes!" kandautal pa na sagot niya. "M-may bigla lang kasing dumating kaya hindi ako nakasagot agad," pagsisinungaling niya.

"Ganoon ba?" anito. "Buweno, hintayin mo ang pag-uwi ko, ha? Ano ba ang gusto mo na ipasalubong ko sa iyo?"

Napangiti siya sa thoughtfulness nito. "Bahala ka na kung ano ang ipapasalubong mo sa akin, Carissa. Kahit na ano naman ang ibigay mo ay ikatutuwa kong tanggapin."

"Alam mo, ngayon pa lang ay hindi na ako mapakali dito. Gustung-gusto ko na kasing makauwi diyan sa Pilipinas. Gusto ko na ngang hilahin ang araw para bumilis!"

"Masyado kang sabik, ha!" natatawang biro ni Alexa.

"Matagal din kasi kaming hindi nagkikita ng

nobyo ko, eh. May tatlong buwan na.”

Natawa na siya. “Matagal na ba ’yun? Hay naku, walang duda na mahal na mahal mo talaga ang boyfriend mo, Carissa!”

Naalala niya ang pangyayaring iyon three months ago nang magtungo sa Amerika ang nobyo nito upang bisitahin ang kaibigan niya. Tinawagan siya noon ni Carissa, para sana ipakilala sa kanya ang binata. Pero hindi sila nagkatagpo dahil marami siyang inaasikaso noon sa boutique nila, sumabay pa ang pagdalaw ng kanyang Kuya Jerick sa kanya kaya nawalan na siya ng panahon para i-meet si Carissa at ang nobyo nito.

Tumagal ang kasintahan nito sa Amerika ng dalawang linggo bago bumalik dito sa Pilipinas nang hindi ito naipakilala sa kanya ng kaibigan.

“Lexie, mahal na mahal ko talaga ang nobyo ko. Para sa akin ay ako na ang napakasuwerteng babae sa mundo!” Dahil nga lumilipad ang isip niya sa kung saan ay iyon na lamang ang naabutan niya sa dami ng sinabi ni Carissa.

“Halata nga, eh!” mahinang tugon niya. “M-masuwerte din sa iyo s-si JD dahil mahal na mahal mo siya.”

“True!” Kinilig pa ito. “Teka, ikaw ba ay may ipapakilala nang nobyo sa akin sa pagkikita natin diyan, ha? Ang daya mo naman kasi. Hindi ka nagkukuwento, eh!” May bahid pagtatampo sa tinig nito.

Natawa muli si Alexa nang mahina kahit pa biglang lumakas ang kabog ng kanyang dibdib.

“Wala naman kasi akong nobyo kaya wala akong ikukuwento sa iyo,” aniya. “Hayaan mo, kapag may boyfriend na ako, ikaw ang unang makakaalam.”

“Ano ba kasi ang hinahanap mo sa isang lalaki at hindi ka magkanobyo? Masyado ka naman yatang pihikan, eh!”

*Iisang lalaki lang kasi ang nagmamamay-ari ng puso ko*, balak sana niyang isagot, pero sinarili na lamang niya iyon.

“Hihintayin ko na lamang ang pag-uwi mo dito, ha?” pag-iiba niya sa usapan. “Tawagan mo ako kapag nandito ka na.”

Narinig niya ang pagbuntong-hininga ng kaibigan. “’Ayan ka na naman, Lexie, ah. Binababago mo ang usapan kapag tinatanong kita tungkol sa pagkakaroon mo ng kasintahan. Pakiramdam ko tuloy ay may malaking lihim kang itinatago.”

"Wala akong inililihim, Carissa," mabilis niyang sagot sa matigas na tinig.

"Teka, huwag kang magalit!" natatawa nitong sabi. "Binibiro lang naman kita. Nauunawaan ko naman kung bakit hindi ka pa nagkakanobyo. Siguro nasaktan ka na noon kaya natatakot ka nang muling umibig."

Hindi na siya muling kumibo.

"Lex, I have to hung up na," anito makalipas ang ilang segundo. "Naalala ko na may appointment pala ako ngayon. Tatawagan na lang kita uli kapag nandiyan na ako sa Pilipinas."

"Sige," tanging naisagot niya. "Mag-iingat ka at maraming salamat sa pagtawag mo."

"'Aysus, walang anuman iyon!" Binuntutan nito ng malakas na tawa ang sinabi. "'Bye! Ingat ka rin!"

"'Bye…" mahinang tugon niya at saka natitigilang pinutol ang linya.

Napahugot siya ng malalim na buntong-hininga sa pagtatapos ng usapan nila ni Carissa.

Masaya siya para sa kaibigan. Hindi pa man niya nakakaharap ang nobyo nito ay alam niya na mahal na mahal nito si Carissa.

Nakadama na naman siya ng panghihinayang sa nasirang relasyon nila ni Drake, pero anumang maramdaman niya ay huli na.

PAGDATING sa opisina ay pabagsak na naupo sa malambot na sofa si Alexa. Ang shoulder bag na dala-dala ay inilapag na lamang niya sa kanyang tabi at isinandal ang nangangalay na likod sa sandalan ng upuan. Mamaya-maya na niya haharapin ang sandamukal na papeles na pag-aaralan niya at pipirmahan. Nagpatimpla siya ng kape sa sekretarya habang saglit na namamahinga.

May dalawang linggo na mula noong simulan niya ang pagtatrabaho para sa kompanya ng pamilya. Ang kanyang ama ay nakabawi na ng lakas, pero hindi na nila ito hinayaang magtrabaho pa at pormal na ring naianunsyo ang pag-take over ng kanyang Kuya Jerick bilang presidente ng *Abrigo*, kapalit ng ama at siya naman ang Vice President for Operations na siyang iniwang posisyon ng kapatid.

Ngayon ay kagagaling lang niya sa branch nila sa Parañaque at inalam niya ang kalagayan ng kanilang negosyo roon. Dahil alas tres pa lang, minabuti niyang doon sa main office dumerecho sa halip na sa bahay para maasikaso naman ang ilang

paperworks na nakatambak na sa ibabaw ng desk niya.

Ang trabaho niya ang umookupa sa oras at atensyon niya sa ngayon. Pinag-aaralan niya nang husto ang takbo ng kanilang negosyo at seryoso siyang palaguin pa iyon.

Nakakapagod man, masaya naman ang dalaga. Hindi siya nakakadama ng pagkabagot dahil sa dami ng trabahong inaasikaso niya. Higit sa lahat, hindi siya nagkakaroon ng pagkakataon na isipin si Drake.

"Alexa."

Napaunat siya sa pagkakaupo at lumingon sa bumukas na pinto ng opisina niya, kung saan biglang nagsalita ang Kuya Jerick niya.

"Hello, Kuya!" nakangiting bati niya.

"Dumating ka na pala, pero hindi ko man lang namalayan," anito na lumapit sa kinauupuan niya. Magkaibang floor ang kinaroroonan ng mga opisina nila, bukod pa sa palagi rin itong lumalabas, kung kaya hindi rin sila gaanong nagkikita. Unless, may meeting sila o sinadya nitong puntahan siya katulad ngayon.

"Mukhang pagod na pagod ka, ah! Kumusta ang

lakad mo? Baka naman mamaya ay magkasakit ka niyan sa sobrang pagtatrabaho mo?" Bakas ang pag-aalala nito sa kanya habang papaupo sa tabi niya.

"Kuya, malakas ang katawan ko at hindi ako magkakasakit," maluwang ang ngiti na sabi niya. "Masaya naman ako sa ginagawa ko. Maganda rin naman ang takbo ng branch natin doon sa Parañaque, pero may kaunting pagbabago lang sana ang nais kong gawin."

Nangunot ang noo nito. "Ano iyon?"

"Kulang tayo sa empleyado," mabilis niyang sagot. "Sa dami ng mga customers na pumapasok sa restaurant, kailangang lahat ay naaasikaso nang maayos. Responsable naman lahat ng mga tauhan natin. Iyon nga lang, kailangan nating magdagdag upang mas maging maayos ang lahat doon."

Tumangu-tango ito. "Sige, pag-uusapan natin 'yan sa board meeting sa Lunes. Kung ano ang alam mong makakabuti ay sabihin mo lang at susuportahan kita."

"Salamat," nakangiti niyang tugon dito. The one thing that she would always be grateful for, was her loving family. Kahit papaano, nawawala ang mga bigat na dalahin niya dahil sa mga ito.

NAPAHINTO si Alexa sa ginagawa nang biglang tumunog ang kanyang cellphone na nakapatong lamang sa ibabaw ng mesa niya.

Nasa loob siya noon ng opisina ng branch ng Abrigo sa Laguna. Pinag-aaralan niya ang income statements ng kompanya na ipinakita ng kanilang accountant.

Dinampot niya ang cellphone at hindi na siya nag-abalang tingnan sa screen kung sino ang tumatawag.

"Good morning!" bati niya sa kabilang linya habang nakatutok ang kanyang mga mata sa screen ng computer sa harapan niya. "May I know who's on the line, please?"

"Lexie, this is Carissa! Kinalimutan mo na ako kaagad, ah!"

Lumiwanag bigla ang mukha niya. "Carissa, ikaw pala! Pasensya ka na kasi hindi ko na tiningnan sa screen ng cellphone ko kung sino ang tumatawag, eh! Kumusta ka na? Nasaan ka na ngayon?"

Tumawa ito nang malakas. "Noong isang araw pa ako dumating dito sa Pilipinas at ngayon lang ako nakatawag sa iyo."

Isinandal muna niya ang likod sa backrest ng kanyang upuan.

“Talaga? Ang daya mo, ngayon mo lang ako tinawagan,” kunwari ay nagtatampong aniya.

“I’m so sorry, Lexie,” mabilis nitong paumanhin. “Medyo naging abala lang ako noong dumating ako. At alam mo ba, lagi kong nakakasama ang nobyo ko! Sobrang saya ko talaga.”

Napangiti si Alexa. “Nahahalata ako nga na masaya ka, eh. Ngayon naman siguro ay hindi ka na babalik sa ibang bansa? Tiyak na hindi ka na papayagan ng nobyo mo.”

“Siguro,” anito. “Pero kung sasabihin ni JD na huwag na akong bumalik sa Amerika ay susundin ko, huwag lang kaming magkahiwalay. Pag-uusapan na nga namin ang tungkol sa kasal.”

“Masaya ako para sa iyo, Carissa…”

Marami pa silang pinag-usapan at kung anu-ano pa ang naging balita nito sa kanya hanggang sa magpaalam na sila sa isa’t isa. Pero napagkasunduan nila na magkita sa darating na Sabado.

# 3

“Where’s your boyfriend, Carissa?” nagtatakang tanong ni Alexa sa kaibigan nang dumating siya na nag-iisa ito sa mesa.

Napagkasunduan nilang sa isang restaurant sila magkita. Pumayag siya at sinabi ng kaibigan na isasama nito ang nobyo para ipakilala sa kanya, pero ito lang ang inabutan niya.

Naupo siya katapat nitong upuan.

“Pumasok sa comfort room, Lexie,” matamis ang ngiting sagot nito. “Kumusta ka na? Lalo kang gumaganda, ah!”

Namula siya sa papuri nito. “Kaibigan nga kita, mahilig kang mambola! Masyado akong abala sa pagtulong sa kapatid ko sa pamamahala ng negosyo ng aming pamilya, paano ako makakapagpaganda?” biro niya.

Umirap ito kunwari. “Maganda ka naman talaga at hindi kita binobola, ano! Mas maganda ka pa nga sa akin, eh!”

Natawa siya nang mahina sa sinabi nito.

Para sa kanya ay mali ang opinyon nito. Mestiza si Carissa dahil ang ama nito ay purong Amerikano. Ang ina lamang nito ang Filipina. Mataas ito at tamang-tama ang katawan para sa isang modelo. Gayunpaman, hindi nito sinabak ang field na iyon. Sa halip, isa itong architect.

Napansin niya na lumuwag ang pagkakangiti nito nang mapatingin sa kanyang likuran. Alam na niya kung sino ang nakita nito kahit na hindi pa siya lumingon.

Tumayo ito at sinalubong ang paparating. “Honey, halika at ipapakilala kita sa kaibigan ko,” narinig niyang sabi nito.

Naramdaman ni Alexa na nakatayo na sa tabi niya ang tinawag nito kaya nag-angat siya ng tingin at nauna siyang tumingin sa kanyang kaibigan na may ngiti sa mga labi.

Pagkatapos ay lumingon siya sa nobyo nito para lamang magimbal! Ang ngiti niya ay mabilis na nawala. Awang ang mga labi na napatitig siya sa mukha ng nobyo ni Carissa.

Kagaya niya, natulala rin ang lalaki nang magkatinginan sila; nagulat din marahil nang hustong makilala siya.

Hindi pa rin siya nakakabawi sa pagkabigla nang dahan-dahan siyang tumayo. Hindi pa rin niya inaalis ang tingin sa mukha ng binata.

*Drake!* Iyon ang hiyaw ng utak niya nang mga sandaling iyon.

Nahiling ni Alexa na sana ay panaginip lamang ang lahat. Sana ay magising na siya sa kanyang pagkakahimbing upang matakasan iyon.

Pero hindi isang panaginip ang lahat dahil totoong si Drake ang nakatayo sa harapan niya ngayon! Ito pala si JD. Kaya pala para siyang maiiyak kapag binabanggit ng kaibigan ang pangalan ng nobyo nito.

Nang tumikhim si Carissa ay saka lamang siya napakurap nang ilang ulit at napabaling ang tingin niya sa mukha ng kaibigan na kunot-noong nagpalipat-lipat ng tingin sa kanila.

“Magkakilala ba kayong dalawa?” tanong nito na sa kanya mas tumagal ang tingin.

“Hindi, sweetheart.”

Napatingin siya sa mukha ng lalaki na mabilis na sumagot sa tanong ni Carissa.

Mabilis niyang binawi ang tingin at ibinalik sa

kaibigan. Hindi niya makayanang salubungin ang mga tingin nitong halatang pinipilit lamang na ikubli ang galit.

Pilit siyang ngumiti. "H-he's right, Carissa. This is the first time we met," mahinang sabi niya na ang kalooban ay lihim na nasasaktan. "H-he just reminded me of someone…"

Labis pa rin siyang hindi makapaniwala sa katotohanang natuklasan. Sino ba naman ang mag-aakala na ang dating nobyo pala niya ang lalaking madalas ipagmalaki sa kanya ni Carissa? Bakit naman sa dinadami ng lalaki sa mundo ay si Drake pa ang naging fiancé ng kaibigan niya?

Sinasadya ba talaga ng tadhana ang lahat upang lalo siyang pasakitan?

"Akala ko kasi ay magkakilala na kayong dalawa dahil sa naging reaksyon ng mga mukha ninyo kanina," nakangiting ani Carissa. "Anyway, sweetheart, I'd like you to meet my beautiful friend, Alexa Montecillo." Kumapit pa ito sa braso ng binata.

Lihim siyang napabuntong-hininga.

"Lexie, nobyo ko. Si JD, short for Justin Drake Palanca…" pagpapatuloy ng kaibigan niya.

*Kilala ko na siya, Carissa*, ngani-ngani niyang sabihin, pero pinigilan niya ang sarili.

Napatingin siya sa palad ng binata na nakalahad ngayon sa kanyang harapan. Palihim pa siyang napalunok at minsan pang tumingin sa mukha nito. Huling-huli niyang titig na titig ito sa kanya.

Bahagyang nginitian ni Alexa si Drake at saka nanginginig ang kamay na tinanggap niya ang pakikipag-handshake nito.

"I'm glad to meet you, J-JD…" Medyo napapitlag siya nang maramdaman ang pagpisil ni Drake sa palad niyang nanlalamig sa nerbyos at sa halu-halong emosyon.

Mabilis niyang hinila ang kamay at tumingin kay Carissa.

"Maupo na nga tayo," masayang sabi nito. "Order na tayo ng makakain dahil kumakalam na ang sikmura ko."

Nauna nang naupo si Alexa dahil pakiramdam niya ay babagsak siya kung hindi iyon gagawin. Hindi lang kamay niya ang nanginginig kundi maging ang mga tuhod niya. Sa lakas din ng kabog ng kanyang dibdib, pakiramdam niya ay mabibingi na siya.

"Lex, are you okay? You look pale."

Bigla ang ginawa niyang paglingon kay Carissa na kunot-noong nakatingin sa kanya. Sadyang iniwasan niyang mapatingin sa dako ni Drake sa takot na muling magkasalubong ang mga tingin nila.

"Y-yes!" mabilis niyang sagot.

"Akala ko kasi ay may dinaramdam ka," anito.

Ngumiti siya sa kaibigan. "Don't worry about me. Umorder na lang tayo dahil nagugutom na rin ako."

Mabilis niyang dinampot ang menu na binitawan niya kanina at doon itinuon ang kanyang paningin.

"SMALL WORLD, huh!"

Napatingin bigla si Alexa sa nakangising mukha ni Drake. Kitang-kita rin niya sa ngiting iyon ang pang-uuyam at galit na pinipigilan.

Silang dalawa ang naiwan sa mesa dahil nagpaalam si Carissa na magtutungo sa ladies' room. Dapat siya ang magpaaalam, pero naunahan siya nito.

Hanggang maaari ay ayaw niyang magkaroon ng

pagkakataon na mapagsolo sila ni Drake na kagaya ngayon. Hindi kasi niya alam kung ano ba ang dapat niyang ikilos kapag silang dalawa na lamang ang naiwan.

Ang in-order niyang pagkain kanina ay hindi rin niya naubos dahil sa pagkailang. Pakiramdam kasi niya ay palihim siya nitong pinagmamasdan kapag hindi siya nakatingin.

Naging matipid siya sa pagsasalita. Sumasagot lamang siya kapag tinatanong ni Carissa.

Kanina pa niya gustong umuwi. Nais niyang takasan ang sitwasyong iyon. Sa tuwing nagkakasalubong ang mga paningin nila ni Drake ay nakikita niya sa mga mata nito ang panunumbat at galit.

"Wala sa hinagap ko na ikaw pala ang kaibigang madalas na ikuwento at ipagmalaki sa akin ni Carissa. Sa dinami-dami ng 'Lexie' sa mundo, hindi ko inakalang ikaw ang tinutukoy niya," muli ay sabi nito sa malamig na tinig nang hindi siya sumasagot. "Sino ba naman ang mag-aakala na muli tayong pagtatagpuin ng tadhana, Alexa?"

Napakurap-kurap siya kasabay ng lihim na paglunok habang titig na titig sa guwapong mukha

nito na bahagyang nakatiim-bagang.

Heto na ang kinatatakutan niya. Ang magkausap sila nang sarilinan at sumbatan siya ni Drake. Kung puwede lang maglaho siyang bigla ay kanina pa sana niya iyon ipinanalangin upang matakasan ang binata.

"Bakit bigla yatang umurong ang dila mo, Alexa? Hindi ka pa rin ba makapaniwala na kaharap mo ako ngayon? Wala ka man lamang bang sasabihin?" nang-uuyam nitong tanong.

"M-may dapat ba akong sabihin?" nauutal niyang tanong.

"Damn it!" Malakas nitong binayo ang ibabaw ng mesa na ikinapitlag niya sa gulat.

"Drake, will you please—"

"Please what?" paasik nitong putol sa kanyang pagsasalita. Madilim ang mukha nito at matatalim ang tingin sa kanya. "Nagtatanong ka kung may dapat kang sabihin sa akin? Sasagutin ko ang tanong mo! Marami kang dapat ipaliwanag, Alexa, pero labis mo akong pinahanga dahil napakahusay mong magpanggap ngayon."

Palihim siyang nasaktan. "K-kalimutan na

lamang natin ang nangyari noon, D-Drake. Wala rin namang saysay kung magpapaliwanag ako sa iyo ngayon, eh!"

Tila lalo yatang dumilim ang mukha nito sa sinabi niya. At kung nakamamatay lamang ang tingin ay baka kanina pa siya binawian ng buhay sa harap nito.

"Gusto mong kalimutan ko ang nangyari sa atin noon? Gusto mong kalimutan ko iyon pagkatapos ng ginawa mo sa akin? Alam mo ba na hanggang ngayon ay namumuhi ako sa iyo, Alexa?" Puno ng galit ang tinig nito. "Galit din ako sa sarili ko. Dahil sa dami ng babaeng p'wede kong mahalin ay ikaw pa ang minahal ko—isang walang kuwentang babae! Isang manloloko!"

"Drake…" nginig ang tinig na anas niya.

Sa kanyang pagkagulat ay bigla itong ngumiti sa kanya.

"Mukhang in-interview mo nang husto si Lexie, honey!" Napapitlag siya nang marinig ang tinig ni Carissa mula sa kanyang likuran.

Bumalik ang kaibigan niya sa pagkakaupo sa tabi ni Drake at nakangiting tumingin sa kanya.

Kaya pala biglang nagbago ang ekspresyon ng mukha ni Drake ay dahil nakita nito ang paglapit sa kanila ni Carissa, pero nagpasalamat siya na dumating ang kaibigan niya.

"Tinatanong ko lang naman si Lexie kung ano ang pinagkakaabalahan niya dito sa Maynila." Parang totoo ang ngiting sumilay sa mga labi nito nang tumingin sa kanya.

"Ahm, o-oo nga!" tipid niyang sagot at ibinaling ang tingin sa kaibigan.

"Hay naku, napakasipag ni Lexie, honey!" ani Carissa na ginagap ang palad ni Drake na nakapatong sa ibabaw ng mesa. "At sa sobrang kasipagan ay wala nang panahon sa pakikipagnobyo."

"Ows?" tila di-naniniwalang sabi nito.

Namumula ang mukhang bahagya niyang pinukol ng sulyap ang binata. Hindi niya alam kung ano ang nais ipakahulugan ng mga ngiti nito sa kanya.

"May mga mas importanteng bagay na dapat unahin. May tamang panahon para roon," aniya na sadyang tinigasan ang pagsasalita at ewan niya kung nahalata iyon ni Carissa.

"Tatanda kang dalaga sa ginagawa mo, Alexa," sabi ng kaibigan niya.

Nagkibit-balikat siya.

"Siyanga pala, I… I think I have to go," aniya sabay sukbit ng shoulder bag sa kanyang balikat.

Parehong nawala ang ngiti sa labi ng pareha. Bahagyang kumunot din ang noo ni Drake sa sinabi niya.

Lumabi si Carissa. "But why? I thought you—"

"Nakalimutan ko na may appointment pala ako mamaya at ngayon ko lamang naalala," mabilis niyang putol sa pagsasalita nito. "I'm sorry to both of you but I really need to go."

Nang tumayo siya ay gumaya na rin ang dalawa.

"Ihahatid ka na namin ni Drake, Alexa," pag-aalok ni Carissa.

"No!" mabilis niyang tanggi. "Kasama ko ang driver ko kaya huwag ninyo akong alalahanin."

"P-pero…"

Tiningnan niya ang kaibigan at pagkatapos ay kay Drake na nakamasid lamang sa kanya.

"I-ikaw na ang bahala sa kaibigan ko, Drake…" sabi niya sa binata.

Tumango ito, pero nahihirapan siyang basahin ang tunay nitong nadarama.

Nang makapagpaalam ay tumalikod na siya at nagmamadaling lumabas ng restaurant. Parang hinahabol ng limang sanggano na tinungo niya ang kinapaparadahan ng kanyang kotse.

# 4

Sa loob ng kotse ay nanghihinang isinandal ni Alexa ang likod at batok sa backrest ng upuan. Ang malakas na kabog ng kanyang dibdib ay hindi pa rin nababawasan. Gayundin ang panlalamig ng kanyang buong katawan.

Sino ba naman ang mag-aakala na ganoon kaliit ang mundo para sa kanila ni Drake? Ang pagkikita nila kanina ay hindi niya napaghandaan kaya masyado siyang nagimbal at natulala.

Alam niyang nag-uumpisa pa lang ang lahat. Hindi nangangahulugan na huli na nilang pagkikita ang nangyari ngayon. Nararamdaman niya na muli silang magkaharap at kailangan niyang maging matatag kapag kaharap niya ito.

Noong silang dalawa na lamang ang naiwan sa mesa ay nagsisimula na itong manumbat. Laking-pasasalamat na lamang niya dahil dumating si Carissa at naputol ang kanilang pag-uusap ng lalaki.

Kung may paraan lang sana para hindi sila muling magkaharap ay gagawin niya. Pero hindi niya hawak ang takbo ng panahon.

Aaminin ni Alexa na talagang masakit para sa kanya ang  matuklasang ito ang nobyo ng kanyang kaibigan. Mahal na mahal ito ni Carissa. At marahil, ang dalaga na talaga ang pumalit sa kanya sa puso ng dating nobyo. Hindi na siya ang nagmamamay-ari ng puso nito kundi ang kaibigan niya.

May magagawa pa ba siya?

Hindi niya napigilan ang pagtulo ng luha mula sa kanyang mga mata.

Malaki ang kasalanan niya sa nangyari sa kanila noon. Natakot siya kaya pinili niyang takasan ang problema.

Bukod pa roon, ayaw niyang kaawaan siya ni Drake sa sandaling malaman nito ang tunay na nangyari sa kanya noon. Kung nagtapat siya at hindi lumayo ay matutuloy pa rin ang kanilang kasal, pero magiging pabigat na siya sa binata.

Mariin siyang napapikit upang palisin ang pagsagi ng mapait na nakaraan sa kanyang isipan.

Ayaw na niyang alalahanin iyon. Lalo lamang siyang nahihirapan at nasasaktan kapag binabalikan ang masasaya at mapapait na bahagi ng nakaraan nila.

"HONEY, napapansin ko buhat nang umalis si Lexie ay wala ka nang kibo."

Mula sa dinaraanan ng sinasakyan ay sinulyapan ni Drake ang katabing kasintahan na nakakunot-noo sa kanya.

Nginitian niya ito bago muling ibinalik ang tingin sa kanilang dinaraanan. Ihahatid na niya ito at siya naman ay tutuloy muna sa kanyang opisina.

"Mabigat lang kasi ang pakiramdam ko kanina pa. Pero dahil gusto ko na ring makilala ang ipinagmamalaki mong kaibigan ay pinilit ko na lamang ang sarili ko," pagsisinungaling niya.

"Honey, dapat sinabi mo sa akin kaagad. Marami pa namang pagkakataon upang maipakilala ko sa iyo si Alexa, eh!" Kababakasan ng pag-aalala ang tinig nito.

"Huwag ka nang mag-alala, Carissa…" aniya. "Medyo okay na ang pakiramdam ko."

"Huwag ka na lang kaya tumuloy pa sa opisina mo? Magpahinga ka na lang, Honey!"

Nakangiting sinulyapan niya itong muli. "Sige, pagkahatid ko sa iyo ay uuwi na ako nang derecho sa bahay."

"Good!" nasisiyahang sabi ng nobya.

Hindi na siya muling kumibo at hinarap na lamang ang pagmamaneho, pero si Alexa pa rin ang naglalaro sa kanyang isipan.

Talagang labis siyang nagulat nang makita ang dalaga kanina sa loob ng restaurant. Wala sa hinagap niya na si Alexa ang 'Lexie' na madalas ikuwento sa kanya ni Carissa.

"Ano'ng masasabi mo kay Lexie, honey?"

"Ha?" Gulat na napatingin siya sa nobya nang marinig ang tanong nito.

Nahalata kaya nito na ang dalaga ang kanyang iniisip nang mga sandaling iyon?

"Ang sabi ko, ano ang masasabi mo kay Lexie."

Medyo nakahinga siya nang maluwag sa narinig.

"Okay lang…" May kasama pang kibit-balikat ang kanyang sagot.

"Iyon lang ang masasabi mo?"

"Sweetheart, okay sa akin si Alexa upang maging kaibigan mo at iyon ang ibig kong sabihin."

Mula sa salamin ay nakita niyang ngumiti ito at

saka marahang tumangu-tango.

“Sinabi ko na nga ba at magugustuhan mo si Alexa, eh!” anito. “Mabait si Lexie, pero nakapagtataka nga lang dahil sa kabila ng kabaitan at kagandahan na tinataglay ay wala pa rin siyang nobyo hanggang ngayon. Sa Amerika ay may mga nanliligaw sa kanya, pero wala man lang siyang napusuan kahit na isa. Kapag naman tinatanong ko tungkol doon ay mabilis na iniiba ang aming usapan.”

Napatiim-bagang si Drake sa narinig. Hindi niya alam kung napansin iyon ni Carissa.

“Honey, hindi man sabihin sa akin ay nararamdaman ko na nagkaroon na ng pangit na nakaraan sa pag-ibig ang kaibigan ko. Kung tititigan mo kasi sa mga mata si Alexa ay makikita mo doon ang malalim na kalungkutan na pilit na ikinukubli sa mga pilit na ngiting ipinakikita niya,” pagpapatuloy nito.

Biglang humigpit ang pagkakahawak ni Drake sa manibela dahil sa ngitngit na sumapuso sa kanya.

“Pero may isang bagay lang akong ipinagtataka hanggang ngayon, honey.”

Bigla niya itong nilingon. “Ano naman iyon?” bahagyang nakakunot ang noong tanong niya.

"Hindi naman kasi ako bulag para hindi makita na pareho kayong nagulat nang makita ninyo ang isa't isa."

Mabilis siyang sumagot; may diin sa tinig. "Kagaya ng sinabi ng kaibigan mo kanina ay napagkamalan lamang niya ako na isa sa mga kakilala niya."

"Pero bakit gulat na gulat ka rin nang makita mo si Alexa? Huwag mong sabihin na napagkamalan mo rin ang kaibigan ko?"

"Sweetheart, sino ba naman ang hindi matutulala kapag nakaharap ang isang babaeng maganda na kagaya ng kaibigan mo?" Nagpakawala siya ng mahinang tawa. "Hindi ko inakala na ganoon siya kaganda kaya nang makita ko ay nagulat ako."

"Ganoon?" kunwari ay pagtatampo nito.

Pabirong pinisil niya ang ilong nito. "Huwag kang magseselos dahil para sa akin ay ikaw na ang pinakamagandang babae sa mundo!"

"Binobola mo naman ako, eh!"

"Mukha ba akong nambobola, sweetheart?" Nakangiting sinulyapan niya ito.

Humilig ito bigla sa kanyang balikat. "Naniniwala

naman ako sa iyo, eh! Alam ko rin naman na ako lang ang mahal mo… at hindi ako magseselos. Totoo naman kasi na mas maganda sa akin si Alexa, pero okay lang sa akin iyon. Ang importante sa akin ay akin ka lamang.”

Hindi siya nakakibo sa sinabi nito. Palihim na nagpakawala si Drake ng malalim na hininga at muli ay lumitaw sa kanyang isipan ang magandang mukha ng dating nobya.

MABILIS na kinarga ni Alexa ang pamangkin na si Rica na sumalubong sa kanyang pagdating. Agad na humalik sa kanya ang bata.

“Tita, pasalubong ko?” bibong tanong ng limang taong bata na maluwang pang nakangiti.

“Teka, sandali.” Ibinaba niya muli ang pamangkin at saka kinuha sa loob ng kanyang shoulder bag ang isang chocolate bar.

“Thank you po, Tita Alexa!” Muli siyang kinintalan ng bata ng halik sa pisngi saka nagtatakbo patungo sa hardin ng bahay.

Naiiling na nasundan na lamang niya ng tingin ang paslit na tuwang-tuwa dahil sa ibinigay niya.

Napabuntong-hininga siya. Mabuti pa ang mga bata, walang nagiging problema. Paglalaro at pagkain lamang ang iniisip at ginagawa, at walang pakialam sa mundo.

Hindi katulad nila na malalaki na, maraming problema at sakit ng kalooban ang dinaranas.

"Hi, Alexa! Dumating ka na pala."

Napalingon siya sa pinagmulan ng tinig at nakita niya ang hipag na si Nadia na karga ang bunsong anak na si Kurt. Katabi ng hipag niya ang kanyang Kuya Jerick, na nag-half day lang kanina sa opisina dahil inatake ng migraine.

Pilit ang ngiting gumuhit sa kanyang mga labi nang humakbang siya palapit sa mga ito.

Humalik siya sa pisngi ng kapatid at ng hipag at pagkatapos, kinuha niya si Kurt rito. Isang taong gulang pa lamang ang paslit.

"Ang cute-cute talaga ng pamangkin ko!" Pilit niyang pinasaya ang tinig upang hindi siya mahalata ng dalawa ang pinagdaramdam niya.

"Alam ko na ang idurugtong mo, Alexa," nakangiting singit ni Jerick. "Sasabihin mo na manang-mana sa iyo ang anak namin."

“Totoo naman, eh!” Pabirong inirapan niya ito.

“Mag-aasaran na naman kayong magkapatid,” natatawang turan ng Ate Nadia niya. “Buweno, kumusta naman ang buong maghapon mo sa opisina?”

Hinalikan muna niya ang pamangkin bago ibinalik sa hipag. Tumalikod siya at nagpatiuna sa paghakbang patungo sa sofa at umupo roon. Sumunod sa kanya ang mag-asawa at magkatabing naupo sa sofa na katapat ng kinauupuan niya.

“Okay naman ang maghapon ko sa opisina,” mahinang sagot niya. “Kahit nakakapagod maghapong pag-upo sa harapan ng table ko ay masaya naman ako sa ginagawa ko.”

“Pero kabaliktaran ng sinasabi mo ang nakikita ko ngayon sa ikinikilos mo, Alexa,” ani Jerick niya na titig na titig sa kanya. “May problema ba? Napapansin ko kasi na bahagyang namumugto ang mga mata mo.”

Hindi siya nakasagot. Mabilis niyang ibinaling sa ibang direksyon ang kanyang mga tingin.

“Kumusta naman ang pakikipagkita mo sa kaibigan mo na galing pa sa Amerika? Nabanggit mo iyon sa akin noong isang araw. Natuloy ba ’yun?”

muling tanong ng kapatid niya.

Sa halip na sumagot agad ay isang malalim na hininga muli ang kanyang pinakawalan.

“Nagkita kami kanina at okay naman ang pagkikita namin,” sagot niya na tumingin sa kapatid at hipag. “N-nakilala ko na rin ang nobyo ni Carissa. O-okay naman sila at mukhang m-mahal na mahal ang isa’t isa…” Nanginig pa nang bahagya ang kanyang tinig sa huling pangungusap.

“Eh, bakit naman namumugto ang mga mata mo?” Hindi talaga siya titigilan ni Jerick hangga’t hindi niya sinasagot ang tanong nito.

“Wala, Kuya,” tipid niyang tugon.

“Anong wala?” kunot-noong pangungulit ng lalaki.

“Papasok na muna ako sa kuwarto ko upang makapagpahinga kahit na kaunting minuto bago tayo kumain.” Mabilis siyang tumayo mula sa single-seater.

“Alexa, hindi mo pa sinasagot ang tanong ko.”

“Jerick, hayaan mo na muna na makapagpahinga ang kapatid mo,” pigil ng hipag niya sa asawa nito. “Alexa, pumasok ka na muna sa kuwarto mo at

magpahinga," baling nito sa kanya.

Ngumiti si Alexa sa dalawa at saka walang imik na tumalikod. Pagdating sa kanyang kuwarto ay nagkulong siya at dumapa sa ibabaw ng kanyang kama.

Hindi maaaring malaman ng kapatid niya o ng kahit na sino ang naging paghaharap nila ni Drake kanina. Ayaw niyang mag-alala ang kanyang kapatid.

Gagawin niya ang lahat upang hindi na sila muling magkita ng dating kasintahan. Pipilitin niyang salungatin ang nais ng panahon, huwag lamang niya muling makaharap si Drake.

# 5

"Drake?" Pakiramdam ni Alexa ay biglang nawalan ng kulay ang kanyang mukha.

Naroon siya sa main office nila. Abala siya sa pagbabasa ng mga papeles na nasa ibabaw ng mesa niya nang biglang bumukas ang pinto ng opisina niya. Naeksakto pa naman na inutusan niya ang sekretarya niya na kuhanin ang mahalagang file sa opisina ng head accountant.

"Ano'ng ginagawa mo dito? Paano mo nalaman ang kinaroroonan ko?" sunud-sunod niyang tanong nang makabawi siya sa pagkabigla.

Umalis siya sa kanyang kinauupuan at sinalubong ito na mabilis namang ipininid muli ang pinto.

Sa halip na sumagot, tinungo nito ang mahabang sofa na nasa gilid sa loob ng opisina niya at doon naupo. Nag-dekuwatro ito; ang mga braso ay isinampay sa sandalan niyon.

Matiim siyang tinitigan nito pagkatapos.

"Sagutin mo ang tanong ko, Drake." Ginawa

niyang kaswal ang kanyang pagkilos at pananalita. Hindi niya ipinahalata sa binata ang kabang kanyang nadarama nang mga oras na iyon. “Paano mo nalaman na nandito ako at ano’ng kailangan mo sa akin?”

“Ganyan ka ba kapag humaharap sa panauhin, Alexa?” Parang nakakalokong ngumiti ito sa kanya.

“Sabihin mo na sa akin ang sadya mo at sagutin mo na rin ang lahat ng tinanong ko sa iyo. Marami kasi akong ginagawa na kailangan kong tapusin,” mahinahong sagot niya.

Nawala ang ngiti nito sa mga labi at napalitan ng pagtiim-bagang, kasabay ng bahagyang pagdidilim ng mukha.

“May sarili akong paraan upang malaman kung saan ka naroroon, Alexa. Huwag kang mag-alala dahil hindi alam ni Carissa ang pagpunta ko dito,” anito.

Nang marinig ang pangalan ng kaibigan, dinaluhong siya lalo ng kaba. “Kung wala kang importanteng sasabihin ay makakaalis ka na. Pakiusap, huwag ka na muling magtutungo dito o kahit saang lugar na naroon ako.” Tumalikod siya, pero hindi siya agad nakahakbang nang marinig ang

sagot nito.

“Bakit, Alexa? Natatakot ka at kinakabahan sa mga maririnig mo mula sa akin? Hanggang ngayon ba ay inuusig ka pa rin ng budhi mo dahil sa malaking kasalanan mo noon sa akin, ha?”

Mariin siyang napapikit sa narinig at nagbilang sa isip. Nang muling imulat niya ang kanyang mga mata ay sa harap na niya ito nakatayo.

Nanlalaki ang mga matang napaatras siya. “Drake, pakiusap. H-huwag na nating pag-usapan ang nangyari noon. M-matagal na iyon at dapat nang k-kalimutan!” nagkandautal niyang sabi.

“Kalimutan? Sabihin mo nga sa akin, Alexa. Ikaw, nakalimutan mo na ba ang nangyari, ha?” madilim ang mukhang tanong nito. “Sabihin mo rin sa akin, paano ko magagawang kalimutan ang isang babae na buong buhay kong minahal, pero walang awa pala akong sasaktan at bibigyan ng napakalaking kahihiyan?”

“Drake…” Napakurap-kurap siya dahil sa panlalabo ng kanyang mga mata sa luha. Alam niyang ilang sandali lamang ay papatak na ang luhang pilit niyang pinipigilan.

“Hindi mo masagot, di ba?” nang-uusig nitong

tanong. "Alam mo ba na matagal kong hinintay ang pagkakataon na gaya nito? Matagal kong inasam na makaharap kang muli upang sumbatan at itanong kung bakit mo nagawa sa akin ang ganoon, Alexa! Kinamumuhian pa rin kita hanggang ngayon!" Kitang-kita niya ang pagkuyom ng mga palad nito kaya muli siyang napaatras sa takot.

"D-Drake, walang patutunguhan ang pag-uusap natin. Mabuti pa ay umalis ka na, pakiusap!"

Ngumisi ito. "Natatakot ka na ba sa akin, ha?"

Marahan siyang umiling. "Lahat ng isusumbat mo sa akin at masasakit na salitang sasabihin mo sa akin ay tatanggapin ko dahil iyon naman talaga ang dapat, Drake. Malaki ang naging kasalanan ko sa nangyari sa atin noon, pero may hindi ka pa rin nauunawaan!"

Halos magdikit ang mga kilay nito habang humahakbang papalapit sa kanya. Siya naman ay walang tigil sa pag-atras.

"At ano ang hindi ko pa nauunawaan? Nasaktan mo na ako noon, napahiya sa maraming tao, lalo na sa pamilya ko at nagawa mo na akong tanga. Ano pa ba ang hindi ko maunawaan, Alexa?"

Sa huling paghakbang ng mga paa niya ay

pinanlamigan siya lalo ng buong katawan. Dahil ang likod niya ay napasandal na sa dingding ng kanyang opisina. Wala na siyang maaatrasan!

Nagpatuloy naman ito sa paglapit hanggang sa halos magdikit na ang kanilang mga katawan.

Nagkatitigan sila at napapikit na lamang siya nang dahan-dahan nitong ilapit ang mukha sa kanya.

Mayamaya ay magkalapat na ang kanilang mga labi. Mapusok ang halik na iyon, nagpaparusa at nananakit. Puno ng galit.

Tumagal ang halik na iyon nang ilang segundo at si Drake na rin ang unang lumayo sa kanya. Tinitigan siya nito at saka lumitaw sa mga labi ang isang nang-uuyam na ngiti.

"Nasiyahan ka ba?" nang-iinsulto nitong tanong.

Pumatak na nang tuluyan ang luha mula sa kanyang mga mata dahil sa sakit ng kalooban na nadarama. Hindi na niya napigilan ang sarili. Umangat ang isa niyang kamay at dumapo ang palad niya sa mukha nito.

Nang muli itong tumingin sa kanya ay madilim na madilim na naman ang expression nito at ang mga mata ay nag-aapoy sa galit.

"Umalis ka na, Drake! Nasabi mo na marahil ang lahat ng nais mong sabihin." Sa kabila ng paggaralgal ng kanyang tinig ay naroon pa rin ang tigas ng kanyang pagsasalita.

"Marami pa akong sasabihin sa iyo at hindi pa ako tapos," mariin din na tugon nito. "Pero pagbibigyan ko ngayon ang kagustuhan mo. Aalis ako, pero umasa ka na muli tayong magkakaharap. Hindi pa tayo tapos!"

Luhaang nasundan ni Alexa ng tingin si Drake nang tumalikod ito at mabibigat ang mga hakbang na tinungo ang pinto.

Nang makalabas ito ay nanghihina siyang napaupo sa sofa. Isinubsob niya ang luhaang mukha sa kanyang mga palad at saka siya humagulhol ng iyak.

Akala pa naman ng dalaga ay magagawa niyang maging matatag sa harapan ni Drake. Hindi rin pala niya kaya lalo pa at sinusumbatan siya. Inakala rin niyang kaya niyang salungatin ang nais ng panahon. Hindi niya inaaasahan na ang una nilang paghaharap noon ay muling mauulit ngayon.

Kanina ay gustung-gusto na niyang ipagtapat dito ang totoo upang maputol ang panunumbat sa

kanya. Pero naisip niya, hindi siya sigurado kung may silbi pa ba kung malaman man nito ang totoo. Maibabalik ba niyon ang pagmamahal ni Drake sa kanya?

Isa pa, naalala niya si Carissa. Ayaw niyang masira ang kaligayahan ng kaibigan niya nang dahil lamang sa isang katotohanan na ginusto niyang ipagtapat. Hindi puwedeng masira ang pagkakaibigan nila ni Carissa.

MADILIM pa rin ang mukha ni Drake habang nagmamaneho pabalik sa opisina niya. Dama pa rin niya ang pamamanhid ng pisngi na tinamaan ng malakas na sampal kanina ni Alexa.

*Damn that woman!* Nahimas niya ang kanyang pisngi na namamanhid.

Umupa siya ng isang tao upang alamin ang tinitirahan ni Alexa rito sa Maynila. Maging ang lugar kung saan ito nag-oopisina ay pinaimbistigahan din niya at hindi naman siya nabigo.

Kararating lang pala nito mula sa Amerika. Nalaman nga niya kung saan ito nakatira ngayon at kung ano ang pinagkakaabalahan. Nakatira ito sa bahay ng kapatid na si Jerick at tumutulong sa

pamamahala ng mga negosyo ng pamilya.

Bukod pa sa nalaman, nabasa niya sa ulat ng kanyang inupahan na walang nobyo ngayon si Alexa. Maraming manliligaw rito, pero walang sinasagot kahit na isa. Tama nga si Carissa sa sinabi sa kanya.

Pero ipinagtataka niya iyon. Bakit hindi ito nakikipagnobyo? Dahil ba mahal pa rin siya nito o pinarurusahan nito ang sarili dahil sa nagawa noon sa kanya?

Napatiim-bagang si Drake.

Dapat lang naman na magdusa ang kalooban ni Alexa. Kung tutuusin ay kulang pa ang dinaranas nito ngayon kung ikukumpara sa naranasan niya noong iniwanan siya nito nang walang paalam matapos na umurong sa kanilang kasal.

*Namumuhi pa rin ako sa iyo, Alexa Montecillo!* Humigpit pa lalo ang pagkakahawak niya sa manibela.

Pero inaamin niyang may bahagi pa rin sa puso niya ang humahanga rito.

Mas gumanda ito ngayon kaysa noon. Sa restaurant nga ay muntik na niya itong hindi nakilala kung hindi lamang niya natitigan nang mabuti.

Nang umalis si Alexa rito sa Pilipinas at nagtungo sa ibang bansa ay inakala niya na hindi na sila muling magkikita.

Pero sadyang mapaglaro ang tadhana dahil muli silang pinagtagpo sa isang hindi sinasadyang sitwasyon at pagkakataon. Kaibigan ito ng kanyang nobya ngayon na si Carissa.

Pagak siyang natawa nang maalala ang sinabi nito kanina. Inamin nito ang pagkakamali, pero sinabi na mayroon pa siyang hindi nauunawaan. Ano pa ba ang hindi niya naiintindihan sa nangyari sa kanila noon? Maliwanag na maliwanag sa kanya ang katotohanan na niloko lang siya nito. Ano pa ba ang dapat niyang malaman?

Hindi na nito mabibilog ang ulo niya. Hinding-hindi na niya paniniwalaan ang mga sasabihin nito.

Mabilis na pinaharurot ni Drake ang kanyang kotse. Mabuti na lamang at maluwag ang kalsada dahil kung nagkataon ay aksidente ang kahahantungan niya.

"C-CARISSA, ikaw pala," paos ang tinig na bati ni Alexa sa kaibigan na nasa kabilang linya ng telepono. "Bigla ka yatang napatawag?"

May limang oras na ang nakakalipas buhat nang lisanin ni Drake ang opisina niya, nang matanggap niya ang tawag ng kaibigan. Kakatapos lang niyang umiyak kaya namamaos pa ang boses niya.

“Umiiyak ka ba, Lexie?” usisa nito. “Para kasing galing ka sa—”

“M-may sipon at ubo kasi ako ngayon, Carissa,” maagap niyang singit sa pagsasalita nito.

“May dinaramdam ka, pero nandiyan ka pa sa opisina mo. Bakit hindi ka muna magpahinga? Sa sobrang sipag mo ay talagang magkakasakit ka.” May pag-aalala sa tinig nito.

“Sayang naman ang oras kung mananatili lamang ako sa bahay at isa pa, kaya ko namang magtrabaho.” Napapailing na lamang siya sa sarili dahil sa mga kasinungalingang sinasabi.

“Sigurado ka?” paniniyak ng kaibigan.

“Opo.” Dinaan niya sa biro ang pagsagot. “Buweno, bakit ka nga pala napatawag? May problema ba?”

“Wala namang problema. Naiinis lang ako kasi hindi ko ma-contact si Drake mula pa kanina,” anito.

Natigilan siya sa nalaman. “B-baka naman low

batt ang cellphone ng nobyo mo?"

"Ewan ko ba sa lalaking iyon!" May bahid ng inis ang tinig nito. "Marami ka bang ginagawa ngayon? Baka puwede tayong magkita. Gusto ko lang kasing libangin ang sarili ko, eh."

Hindi siya agad nakasagot. Kung papayag siya sa nais nito ay makikita nito na namumugto ang mga mata niya at uusisain siya. Baka kung saan lamang mauwi ang pagtatanong nito.

"Pasensya ka na, Carissa," aniya makalipas ang ilang segundong pananahimik. "Hindi ako puwede ngayon, eh. Gaya ng nasabi ko medyo, masama ang pakiramdam ko. Isa pa, after lunch ay may appointment ako na pupuntahan. Sa ibang araw na lang tayo mamasyal kung nais mo."

"I understand."

Hindi rin nagtagal ang pag-uusap nila dahil nagpaalam na ito kaagad. Bago maputol ang linya ay inulit niya ang paghingi niya ng paumanhin sa pagtanggi sa imbitasyon nito.